NOBYEMBRE 2010
Taon 4
Bilang 11

MPL
MIGRANTE PARTY LIST
Italy Chapter

OPISYAL NA PAHAYAG NG MPL–ITALY CHAPTER

Pahayag ng Migrante

PAGTANGGAL NG MIDDLE NAME

KALBARYO NA NAMAN NG MIGRANTE SA ITALYA

Panibagong problema na naman ang kinakaharap nating migranteng Pilipino dito sa Roma, Bolzano, Trento, Aosta, Palermo at Cagliari ang bagong CIRCOLARE 29 (*Registrazione del nome dei cittadini della Reppublica Filippine)* ng Minestero dell'Interno ng Italya na nag-uutos sa pagtanggal ng MIDDLE NAME sa ating mga dokumento, sa kahilingan ng Embahada ng Pilipinas [*Al fine di evitare che il nome di mezzo venga confuse con second nome proprio, l'Ambasciata ha chiesto alle autorita italiane di ometterne l'indicazione di.*Cf.p. 2 ,par 3]

Napakalaking kumplikasyon ang dulot nito para sa ating migrante ditto sa Italya dahil kailangan na naman nating ipabago ang ating pangalan sa ating mga dokumento tulad ng *permesso di soggiorno, carta d'identita, codice fiscal* at iba pa. Mapipilitan na naman tayong magbayad ng mga hindi makatarungang bayarin sa sertipikasyon sa Embahada at sa mga ahensya ng gobyerno ng Italya at ang masaklap pay tiyak na apektado rin ang ating trabaho dahil matinding pakiusapan na naman sa mga amo ang ating gagawin para magpaalam sa ating gagawing pagsasaayos ng ating mga dokumento.

Kung natatandaan natin, halos sampung taon nang nakaraan, nang sama-sama nating tinutulan ang pagpapatupad ng Embahada sa pag-gamit ng *full middle name* sa ating pasaporto sa dahilang ito'y magdudulot ng malaking kumplikasyon sa mga dokumento natin sa Italya. Ngunit nanaig pa rin ang pagkagahaman ng gobyernong Pilipinas at ito ay ipinatupad.

Sa simula, nag-isyu sila ng libreng sertipikasyon para hindi tayo mahirapan sa pagbabago ng ating

Sundan sa pahina 2

BALITA

FILM SHOWING ng "DUKOT" SA ROMA MATAGUMPAY

Isang matagumpay na film showing ng "DUKOT" ang isinagawa ng Ugnayan Ng Manggagawang Migrante Tungo Sa Pag-Unlad (UMANGAT) - Migrante Partylist (MPL)- Rome at SOLIDMOVE sa pakikipagtulungan ng Migrante Europe sa Roma, Italya.

Humigit kumulang sa 250 katao ang nanood, kasama ang ibat-ibang mga organisasyon at komunidad na nakabase sa Roma na idinaos sa Aula 7 dell'Ospizio Salesiano Sacro Cuore, via Marsala 42, Rome, Italy noong Nobyembre 14, 2010. Dumalo rin ang ilang mga kinatawan ng Justice and Peace Commission ng Union Comune di Roma at ng ating embahada,

Sundan sa pahina 2

FILM SHOWING DUKOT … *buhat sa pah. 1*

mga estudyante ng American University of Rome, si Arnel Mardoquio, isang indie filmmaker, si Max Tessier, consultant ng Cannes Film Festival, at iba pa. Lahat sila'y nagpahayag ng papuri sa pelikula at umaasa na maipakita muli ito sa iba't ibang sektor dito sa Roma.

Ang nasabing akibidad ay isang pagtugon sa lumalalang suliranin hinggil sa mga paglabag sa karapatang pantao sa ating bayan. Sa pamamagitan ng pagpapalabas ng ganitong uring pelikula ay lubos na naunawaan at nasaksihan ng ating mga kababayan sa Roma ang tunay na nagaganap na karahasan sa ating bayan.

Bahagi rin sa kampanyang ito laban sa extra-judicial killings at abductions ay ang panawagan ng agarang pagpapalaya sa MORONG 43. Ang MORONG 43 ay isang buhay na kasaysayan ng matinding panunupil at karasahan sa hanay ng mga progresibong mamamayan, na hanggang sa kasalukuyan ay nakapiit pa rin at pinagkakaitan ng hustisya.

Bago ang nasabing film showing ay isa ring matagumpay na press conference ang isinagawa sa Centro Filippino - Roma na pinaunlakan ni Mr. Boni Ilagan, scriptwriter ng Dukot at si Ms. Gina Alajar, isa sa mga leading actress ng nasabing pelikula. Ang presscon ay dinaluhan ng mga local at international media personnel sa TV, radyo at dyaryo. Humigit kumulang sa 50 katao ang dumalo sa presscon na ito. Sa nasabing presscon, pinabulaanan ni Mr. Boni Ilagan na sa mga paglabag sa karapatang pantao walang pananagutan ang ating gobyerno - ang nakaraan at maging ang kasalukuyan.

Dalawang beses ipinalabas ang pelikula sa maghapon at sa bawat palabas nagkaroon ng open forum sa pangunguna ni Mr. Boni Ilagan at ilang kasapi ng UMANGAT. Nagulat ang masang migrante sa Roma at sila'y nanlumo sa kalunos-lunos na kalagayan sa ating bayan. Marami ang galit sa gobyernong GMA at nahimok na makialam sa pakikibakang ito lalo na sa pagpapalaya sa M43. Kaya malakas na panawagan nila kay P-Noy na sana tutukan ang panguna hing isyung ito at di ang wang-wang dahil kami ang boss mo.

Ni *ALEX REYES*

MIDDLE NAME … *buhat sa pahina 1*

pangalan sa mga ahensya ng pamahalaang Italyano, kinalaunan, ang sertipikasyong nabanggit ay kasama na sa mga matataas na bayaring ipinapataw ng Embahada sa ating mga migrante. Ang masaklap nito, kailangan pa natin ipa-*authenticate* sa Prefettura ang mga dokumento na may *marca di bollo* na nagkakahalaga ng 14.62 euro.

Mga kababayan, hindi makatarungan ang ginawang paghiling na ito ng ating embahada na tanggalin ang ating MIDDLE NAME sa ating mga dokumento dahil walang naganap na konsultasyon sa hanay nating mga migrante. Ito'y paglabag sa Magna Carta of 1995 ng OFW. Dapat ay isinalang-alang muna nila ang magiging epekto nito sa ating mga migrante lalo na ang mga hindi makatarungang bayarin, kumplikasyon sa ating mga dokumento at pagkaantala sa trabaho.

Kaduda-duda tuloy ang layunin ng kahilingan nilang ito dahil mukhang panibagong pamamaraan na naman ng pangungutong (*state exaction*) mula sa ating hanay. Huwag nating hayaan na magpatuloy ang panibago na naman pasakit sa ating mga migrante hindi tayo dapat magdusa sa mga hindi makatarungan bayarin at kumplikasyon sa ating dokumento.

SAMA-SAMANG NATING TUTULAN AT LABANAN CIRCOLARE 29!

ITIGIL ANG PANGGAGATAS SA MGA MIGRANTE!

SERBISYO HINDI NEGOSYO!

Nanawagan po ang UMANGAT sa lahat ng Migrante dito sa Roma at iba pang parte ng Italya na makilahok sa ating isasagawang kilos protesta sa harap ng ating Embahada sa darating na ika-9 ng Disyembre 2010 ganap na ika-3 ng hapon.

Gayundin ay nanawagan din po kami sa mga kababayan natin na nakaranas ng problema na may kaugnayan dito ay makipag-ugnayan po lamang sa mga numerong nakasaad sa itaas at kung maari po sana ay maipaabot ang ating panawagang ito sa inyong mga kapamilya at mga kaibigan.

SAMA-SAMANG NATING TUTULAN AT LABANAN CIRCOLARE 29!

ITIGIL ANG PANGGAGATAS SA MGA MIGRANTE!

SERBISYO HINDI NEGOSYO!

Para sa UMANGAT-Migrante,

TEODORO M. DALISAY
Chairman

Tula ni Egay Bonzon

Tula ng Digma

Hirap at dusa
Sakit' at pangamba
Kalam ng sikmura
Ang laging nadarama

Sikhay sa hanapbuhay
Pantawid gutom sa maghapon
Pagal na katawan
Pagsapit ng dapit-hapon

Buong araw sa pagsasaka
Wala ni sangsalop na bigas
Nagtiyaga sa kamote
At ubod sa gubat

Subsob sa pag-aaral
Iginapang ni itay at inay
Mataas na matrikula
Naka-amba sa tuwina

Lahat ng ito'y
Kay laon ng ipinaglalaban
Lahat ng ito'y
Ipaglalaban,buhay ma'y ialay

Ang buhay sa ngayon
Ay tulad ng isang digma
Nasa pagkakaisa ang lakas
At nasa pagkilos ang tagumpay

Nalathala sa TULAGALAG
Mobile Poetry Project of KARAPATAN

IMAHEN NG TUNAY NA PAKIKIBAKA

Opening day of the 3rd International Assembly of Migrants and Refugees (IAMR) In Mexico City
(Photo by Mark Luat)

March of migrants and their supporters from IAMR conference site to the site of Global Forum on Migration and Development (GFMD) They were later stopped by the Police to prevent them from arriving at the GFMD conference site.
(Photo by M. Luat)

OPINYON

PALAYAIN ANG MORONG 43 Now!

NOONG Pebrero 23, 2010, dinakip ng magkakasamang pwersa ng AFP at PNP ang 43 health workers sa Morong, Rizal na noon ay gumagawa ng pagsasanay sa Calamity Emergency Procedures. Gumamit ang mga military ng kahina-hinalang *warrant of arrest,* at pinaratangan na di umano'y gumagawa ng mga iba't-ibang uri ng pampasabog. Sila'y tinortyur at piniringan ang mga mata habang sapilitang pinaaamin na sila'y mga kagawad ng NPA. Dalawa sa mga health workers na babae ay kasalukuyan noon nagdadalang-tao.

Sampung buwan na ang nakaraan at ang 43 health workers na ngayon ay kilala sa tawag na Morong 43 ay nasa kulungan pa rin; pinagkakaitan ng kanilang mga karapatan sa kabila ng mga walang batayang akusasyon at presyur ng international communities.



Sundan sa pahina 4

PALAYAIN ANG …. *Buhat sa pahina 3*

Nang maluklok sa pagka-pangulo si Noynoy Aquino, nangako siya na puputulin niya ang paglabag sa Karapatang Pantao. Subalit sa kabila ng pangako niya, lumubha ang mga krimen na kaugnay sa isyung ito at sa halip na sundin niya ang rekomendasyon ng kanyang mga tagapayo at gabinete, iniutos ang amnestiya ng mga nagsipag-aklas na military noong panahon ni GMA habang ang mga inosenteng health workers ay nakakulong pa rin sa piitan.

Ang dalawang buntis na health workers ay nanganak na nitong Oktubre, at ang mga sanggol ay kasama ng mga ina sa kulungan. Ang mga samahang internasyunal na nagtataguyod sa karapatang pantao ay patuloy na humihimok na palayain ang mga health workers yayamang walang malinaw na kaso laban sa kanila, ngunit si P-Noy ay nananatiling manhid.

Ngayon ay malinaw na si P-Noy ay hindi tapat sa mga pangakong binitiwan niya sa kanyang kampanyang political. Sa loob lamang ng limang buwan niya sa kapangyarihan, mahigit sampu na ang pinaslang na mga aktibista, nadagdagan ang kaso ng pagdukot at mga pag-torture na may mahigit ng 30.

Ang unang limang buwan ni Noynoy ay kinakitaan ng mga kautusang anti-mamamayan tulad ng budget cuts sa pondong nakalaan sa mga paaralan lalo na sa pampublikong kolehiyo at unibersidad. Gayundin sa pondong laan sa OFW Legal Assistance. Ang katiwalian ay lumalala at pati ang lotto ay pinakialaman pa niya. Madilim na kinabukasan ang ating maaninagan sa bansa sa ilalim ng gobyernong Noynoy Aquino..

Hinihimok ng UMANGAT-Migrante ang lahat ng mga OFWs na tumulong sa paglaban sa mga hakbang na ito ng rehimen. Palakasin natin ang ating nagkakaisang tinig sapagkat walang ibang mangungusap para sa atin kundi tayo din.

Isigaw natin ang pagtutol sa lahat na ito:

PALAYAIN ANG MORONG 43!!!

WAKASAN NA ANG PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO!!!

PIGILIN ANG BUDGET CUTS!!!

MABUHAY ANG MIGRANTENG PILIPINO!!!

Pahayag ng Migrante

EDITORIAL STAFF

Ed Mariano	***Business Manager***
Aris Miranda	***Editor in Chief***
Egay Bonzon	***Staff Writer***
Jun Marcos	***Contributing writer***
Bill Saguing	***Layout and Artworks***

Mobile : 338 4732743, 338 9707897
E-mail : mpl_03@yahoo.com

Laging makinig sa
UGNAYAN SA HIMPAPAWID
88.9 kHz FM
tuwing linggo 12:05-1:00 pm
tumawag at makilahok sa
tel. 06 4393512
cell. 338 4732743

CAPRICORN
FORWARDERS snc

"BRINGING THE FAMILIES TOGETHER, THOUGH SO FAR, SO NEAR, BECAUSE WE HANDLE WITH CARE"

00135 ROMA • VIA LORENZO PANCIATICHI 27
TEL./FAX 06 39824062 - 06 30320871 • EMAIL: capricornforwardersitaly@yahoo.it

FOR MORE INFORMATIONS, PLEASE CALL OR TEXT
Mr. LEO VIRTUCIO (Gen. Manager) 339 8302472 • Mr. NIEL 339 3066 048
Mrs. NENETTE De CASTRO (Asst. Manager) 333 4229 026 • JEANETTE 338 6488 701

PROVINCES	SEA CARGO (SIZES)	AIR CARGO (DAYS)
METRO MANILA, RIZAL, CAVITE, LAGUNA, BATANGAS BULACAN, PAMPANGA	€ 95.00 (JUMBO) € 75.00 (LARGE) € 50.00 (MEDIUM) *32 - 37 DAYS	€ 2.60 / KG (5 - 7 DAYS) € 2.75 / KG (5 - 7 DAYS) MINIMUM (20 KGS)
NORTHERN & SOUTHERN LUZON	€ 105.00 (JUMBO) € 80.00 (LARGE) € 55.00 (MEDIUM) * 35 - 40 DAYS	€ 3.00 / KG (10 - 12 DAYS) * MINIMUM (25 KGS)
VISAYAS REGIONS MINDORO / PALAWAN	€ 125.00 (JUMBO) € 90.00 (LARGE) € 65.00 (MEDIUM) * 45 - 50 DAYS	€ 3.30 / KG (14 - 18 DAYS) * MINIMUM (30 KGS)
MINDANAO REGIONS	€ 130.00 (JUMBO) € 90.00 (LARGE) € 70.00 (MEDIUM) * 50 - 60 DAYS	€ 3.50 / KG (15 - 20 DAYS) * MINIMUM (30 KGS)

Note : ADDITIONAL € 20 - 30 , 00 / BOX FOR OUT OF ROME PICK-UPs